

Hugando

Basehang Aklat ng mga Magulang ng mga Larong
Pangkaranasan para sa mga Sanggol Hanggang 5 Taong Gulang



KARAGDAGAN NA PATNUBAY PARA SA MAAGANG KAALAMAN NG GUAM
November 2011

Ginawa sa pakikiisa ng Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan at Serbisyong Panlipunan, Sangay ng Pampublikong Kagalingan, Gugulin sa Pangangalaga at Pagsulong ng Kabataan, at ng Pamantasan ng Guam Sentro para sa Kagalingan ng mga Kawalang-Lakas Edukasyon, Pananaliksik at Serbisyo (Guam CEDDERS).






MABUHAY, MGA MAGULANG!



Ano ang Hugando? Sa salitang Tagalog, ang kahulugan ng Hugando ay “maglaro”. Ang *Hugando* ay Basehang Aklat ng mga Magulang ng mga Larong Pangkaranasan para sa mga Sanggol Hanggang 5 Taong Gulang ay karagdagan na Patnubay sa Maagap at Maagang Kaalaman para sa mga batang sanggol hanggang 36 na buwan ng Guam, at sa Patnubay para sa Maagang Kaalaman para sa mga batang edad tatlo hanggang lima ng Guam. Ang mga patnubay na ito ay sinulat upang matulungan ang mga magulang, pamilya at mga nag-aaruga na maunawaan kung ano ang dapat malaman at kayang gawin ng mga sanggol hanggang 5 taong gulang. Tinatalakay ng mga librong ito ang iba’t ibang aspeto ng pag-unlad ng bata tulad ng wika, kamalayan, pisikal, pakikipagkapwa tao at pagtulong sa sarili.



Bakit gagamitin ang Hugando? Ang Hugando ay nilikha para sa inyo batay sa mga malalim na nasaliksik na mga alituntunin ukol sa kamusmusan/kabataan:

- Ang pamilya ang PANGUNAHING GURO ng kanilang mga anak.
- Lahat ng bata ay igagagalang bilang MAY KAKAYAHAN at NAIIBANG KATANGIAN.
- Ang mga nagmamahal na nakakatanda ay IGAGALANG ang kapakanan ng lahat ng mga bata, TUTUGON na ayon sa iba’t ibang istilo at pagtanggap sa kaalaman, HIMUKIN ang bawat bata na paunlarin ang pagkilala sa sarili, at tanggapin kung paanong ang bawa’t isa ay ipinakikita ang kanyang mundo sa kaniyang sariling paraan.
- TULUNGAN ang pagsulong ng isang “kumpletong bata” sa pamamagitan ng pagbigigay ng mga karanasan na masaya, angkop at makahulugan sa mga bata.

- Pagagaanin ng mga pamilya at tagapag-alaga ang paggamit ng KASANAYANG ANGKOP SA PAGESULONG para sa kanilang mga anak. Ibig sabihin nito na sinasalamang ng mga pagpapasya ng mga nakatatandang nagmamahal ang edad, mga hilig, pangangailangan at lakas ng bawat bata, kasama ang pagkilala ng kanilang ginagalawang kultura at lipunan.
- SA PAGLALARO, NATUTUTO NG PINAKAMAAYOS ang mga bata. Kapag sila ay naglalaro, SINISIYASAT nila ang mga bagay na nakapaligid sa kanila, gamit ang kanilang mga MALILIIT AT MALALAKING KALAMNAN, naghahanap ng mga paraan upang MARESOLBA ang mga SULIRANIN, MAGKAROON NG MAGANDANG DAMDAMIN sa kani-kanilang mga sarili, palawakin ang mga PAGKAKAIBIGAN, at madagdagan ang ALAM NILANG MGA SALITA.
- UМУUNLAD ANG KAISIPAN ng mga bata habang nakikita, naririnig, nahahawakan, naaamoy, o di kaya ay nalalasan ang mga bagay bagay habang sila ay naglalaro.

Paano gagamitin ang Hugando?

1. Magsimula ng naaayon sa gulang ng inyong anak. Tignan sa "Talaan ng mga Larong Mararanasan" kung aling gawain ang angkop sa kanyang edad.
2. Sundan ng pag-iisip kung ano ang interes o di kaya ay ang pangangailangan ng inyong anak. Pumili ng gawain.
3. Basahin ang gawain at ihanda ang mga materyales. Pag-aralan ang mga hakbang at subukan.
4. Nasa ilalim ng bawat pahina ang mga pamantayan sa pag-aaral na makikita sa Patnubay para sa Maagang Kaalaman ng Guam, na magsasabi sa inyo kung ano ang natututunan ng inyong mga anak.
5. Meron ding iba't ibang mga kaisipan para sa mga bata na ang nais ay ibang bagay o di kaya naman ay may ibang pamamaraan sa pag-aaral.


MAGSIYASAT, MAGMASID AT MAG-ARAL kasabay ng inyong anak. Maari niyong palitan ang gawain ayon sa kasiyahan niya. Magdagdag ng mga gawain na nagtuturo ng ukol sa inyong pamilya, pananalig, at kultura. Sa susunod na pahina, makikita ang ilang patnubay sa pagkamalikhain ng sarili niyong mga larong pangkaranasan.

MAGING MASAYA sa paglalaro, pag-aaral at pag-unlad na magkasalo kayo ng inyong mga anak.

“Lahat ng mga bata ay magkakaroon ng malusog na kaisipan, katawan at personalidad bilang saligan ng panghabangbuhay na pag-aaral.”
Guam Early Learning Council, Executive Order 2008-03

PAANO LUMIKHA NG SARILING LARONG PANGKARANASAN

- 1. MAG-ISIP NG IBA'T IBANG IDEYA** – Ano ang nais mong matutunan ng iyong anak? Saan ba ang kanyang interes? Halimbawa: Gusto kong matutunan ng aking anak ang kaligtasan sa tubig. Labis ang pagkagusto ng aking anak na maglaro sa tubig. Magisip ng kahit ilang mga ideya, na may matutunan siya habang nasisiyahan sa paglalaro sa tubig.



- 2. PANGALAN NG GAWAIN** – Ano ang iyong itatawag sa inyong gawain?

- 3. GULANG NG MGA MAGLALARO** – Sa anong edad magiging angkop ang gawain – mga sanggol, isang taong gulang, dalawang taon o mga batang nagsisimula pa lamang pumasok sa paaralan?

- 4. MATERIALES** – Anong mga bagay ang kakailanganin sa gawain?

- 5. PAGHAHANDA** – Ano ang kailangang ihanda upang magsimulang maglaro?

- 6. MGA HAKBANG** – Ilarawan ang bawat hakbang ng gawain..

- 7. PAMANTAYAN** – Tingnan ang Patnubay ng Maagang Kaalaman para sa mga pamantayan sa pag-aaral.

- 8. IBA PANG MGA IDEYA** – Magdagdag ng iba pang ideya sa gawain upang: a) makapagbigay ng bagay na bago at naiiiba; b) suriin at magbigay ng dagdag na oras at pagsasanay upang matuto; at k) pahabain pa ng husto ang ideya.



MGA LARONG PANGKARANASAN

Makipaglaro sa inyong mga sanggol, bata o ng mga magaaral!

	MGA LARONG PANGKARANASAN	SAKLAW NG PAGUNLAD	PANGKAT NG EDAD	PAHINA
PAGKASILANG HANGGANG 8 BUWAN	Panguin si Nene	Pakikisama at Damdamin	Pagkasilang hanggang 8 buwan	6
	Larong gaya-gayahan	Pakikisama at Damdamin	Pagkasilang hanggang 8 buwan	7
	Kumanta ng awit habang nagpapalit ng lampin	Pananalita	Pagkasilang hanggang 8 buwan	8
	Abutin, ibagsak at tuklasin	Kamalayan at Pangangatawan	Pagkasilang hanggang 8 buwan	9
	Abutin at hatakin	Pangangatawan	Pagkasilang hanggang 8 buwan	10
9 HANGGAGNG 18 BUWAN	Sa itaas, sa loob, sa ibabaw, at Tara na	Pakikisama at Damdamin, Pangangatawan, Kamalayan, Pananalita	9 hanggagng 18 buwan	11
	Hugasan at Tuyuin	Pakikisama at Damdamin, Pangangatawan, Kamalayan, Pananalita	9 hanggagng 18 buwan	12
	Kahigin at kumain	Pakikisama at Damdamin, Pangangatawan, Kamalayan, Pananalita	9 hanggagng 18 buwan	13
	Hawakan at Uminom	Pakikisama at Damdamin, Pangangatawan, Kamalayan, Pananalita	9 hanggagng 18 buwan	14
	Daganaan ang laruang putik!	Pakikisama at Damdamin, Pangangatawan, Kamalayan, Pananalita	9 hanggagng 18 buwan	15
19 HANGGANG 24 BUWAN	Maghugas, magbanlaw at magtuyo	Pakikisama at Damdamin, Pangangatawan, Kamalayan, Pananalita	19 hanggang 24 buwan	16
	Gumapang sa loob ng lagusan	Pangangatawan, Kamalayan	19 hanggang 24 buwan	17
	Mag balanse at maglakad	Pangangatawan, Kamalayan	19 hanggang 24 buwan	18
	Kumilos tulad ng mga hayop	Pangangatawan, Pananalita	19 hanggang 24 buwan	19
25 HANGGANG 36 NA BUWAN	Maglaro ng bola sa parisukat	Pangangatawan, Pakikisama at Damdamin	25 hanggang 36 na buwan	20
	Gumuhit sa buhangin o sa papel	Pangangatawan, Pananalita	25 hanggang 36 na buwan	21
	Magdisenyo at kainin ang larawang maprutas	Kamalayan, Pananalita	25 hanggang 36 na buwan	22
	Sukatin ang Tubig	Kamalayan, Pananalita	25 hanggang 36 na buwan	23
3 HANGGANG 5 TAON	Magsipilyo at magsuklay	Pangangatawan, Kalusugan at Kaligtasan	3 hanggang 5 taon	24
	Maglaro ng maingat at ligtas	Pangangatawan, Kalusugan at Kaligtasan	3 hanggang 5 taon	25
	Ang mukha ko'y nagsasalita	Pagkilala sa Sarili, Pakikisama at Damdamin	3 hanggang 5 taon	26
	Gumawa ng mga kaibigan	Pagkilala sa Sarili, Pakikisama at Damdamin	3 hanggang 5 taon	27
	Paghambingin ang mga karton	Kamalayan	3 hanggang 5 taon	28
	Pagbukurin ang mga kabibe at bato	Kamalayan	3 hanggang 5 taon	29
	Lakad sa likod bahay	Kamalayan	3 hanggang 5 taon	30
	Mahal ko ang aking bahay at pamilya	Kamalayan	3 hanggang 5 taon	31
	Magkakatonog na mga bugtong	Pakikipag usap, Pananalita	3 hanggang 5 taon	32
	Isampay at ilahad ang kwentong nakasabit	Pakikipag usap, Pananalita	3 hanggang 5 taon	33
	Magbilang, kumanta at Umalog - <i>Sampung mga Daliri</i>	Kamalayan, Pagkamalikhain	3 hanggang 5 taon	34
	Umarte at Umawit - <i>Na Saan si _____, Na Andito Ako</i>	Kamalayan, Pagkamalikhain	3 hanggang 5 taon	35

Pangkuin si Nene

Pagkasilang hanggang 8 Buwan

Pag-unlad ng pakikisama at damdamin

Mga Hakbang:

1. Hawakan ang inyong bagong silang na sanggol sa inyong mga kamay at iugoy siya ng dahan dahan, pabalik-balik.
2. Habang iyong idinuduyan ng banayad, ngumiti at sabihan siya ng mga mapagmahal na pananalita tulad ng, "Mahal kong anak", "Pangkuin ang aking anak", "Mmmm, ang bango-bango mo, aking anak."
3. Bumigkas patungkol sa iyong sanggol ng higit pang mapagmahal na mga salita. "Ang lambot lambot mo at kaysarap mong kargahin", "Mahal kita, aking anak", "Tignan mo ang iyong magagandang daliri at iyong mga mumunting kuko sa paa."
4. Kumanta ng isang banayad at mapagpamahal na awitin. (Sa himig ng: "London Bridge is falling down")



Mga yakap at halik, mahal kita, mahal kita, mahal kita
Mga yakap at halik, mahal kita, mahal ko ang aking anak.

Pangkuin, ang bango bango mo, bango bango, bango bango
Pangkuin, ang bango bango mo, mahal ko ang aking anak.

Ang lambot lambot mo at masarap kargahin
Ang lambot lambot mo at masarap kargahin, mahal ko ang aking anak.

Karagdagang ideya: Hawakan ang inyong sanggol sa pamamagitan ng mga banayad na haplos at sabihin kung gaano kalambot ang kanyang balat. Hipan ng banayad ang kanyang kamay, siko, leeg, pisngi, mga kuko at daliri, at ipagpatuloy habang ang iyong sanggol ay nasisiyahan.

"Matutunan ng iyong sanggol na (a) magpakita ng emosyon at damdamin na makipagugnayan sa isang pamilya o kultura at (b) papana-tagin at aliwin ang sarili kapag nagagalit. Ipinapakita sa mga pananaliksik na habang ang bata ay pinapangko, kinakarga at hinahawakan ng buong pagmamahal, mas lalong sumusulong ang kanyang utak at mas higit na nagiging panatag at marunong sa sarili sa kanyang pagtanda."

Guam Early Learning Guidelines for Young Children Ages Birth to 36 Months. (2007).

Larong Gaya-Gayahan

Pagkasilang hanggang 8 Buwan

Pag-unlad ng pakikisama at damdamin



Mga Materyales:

Maliit na salaming hindi nababasag
Mga magasin na ukol sa mga sanggol
Mga libro
Mga paskil

Mga Hakbang:

Tignan kung tutularan ng inyong anak ang inyong mukha, batay sa bawat ekspresyon na inyong ipapamalas. Ulitin ang mga ekspresyon na nagustuhan ng inyong anak.

1. Ngumiti.
2. Ilabas ang inyong dila.
3. Ikawag ang inyong dila.
4. Itaas ang inyong kilay.
5. Lukutin ang inyong ilong.
6. Palobohin ang inyong mga pisngi.
7. Magmukhang nagulat.
8. Buksan ang inyong bibig.
9. Isara ang inyong bibig.
10. Igalaw ang inyong bibig ng pakaliwa at pakanan.
11. Tumango.
12. Umiling iling.
13. Ikawag ang inyong baba.

Karagdagang ideya:

- Ipaliwanag sa mga salita sa inyong anak ang inyong ginagawa. Halimbawa, bago mo palobohin ang iyong mga pisngi, sabihin mo muna sa iyong sanggol bago mo gawin.
- Gumamit ng salamin para makita ng inyong anak ang kanyang mukha.
- Ipakita at ipaliwanag ang mga larawan na may iba-ibang ekspresyon, mula sa mga magasin, libro at paskil.

"Matutunan ng iyong sanggol na makilala ang mga matatandang nakikita niya palagian. Matutulungan nito ang inyong anak na magtiwala, maramdamang ligtas at maging handa na tumuklas at matuto."

Guam Early Learning Guidelines for Young Children Ages Birth to 36 Months. (2007).

Kumanta ng Awit Habang Nagpapalit ng Lampin

Pagkasilang hanggang 8 Buwan

Pag-unlad ng pananalita

Paghahanda:

Ihanda muna ang mga kakailanganin sa pagpapalit ng lampin. Siguraduhin na merong isang ligtas at nahuhugasan na laruan na mahahawakan ng inyong sanggol kung sakali at siya ay maging malikot. Huwag kalimutang hugasan ang mga kamay ng inyong anak at mga laruan pagkatapos na mapalitan ang kanyang lampin.

Mga Hakbang:

Awitan ang inyong sanggol habang pinapalitan ang kanyang lampin.
(Sa himig ng: "Twinkle, Twinkle, Little Star")

Oras nang palitan ang iyong lampin ngayon.
Oras nang palitan, kaya't ika'y humiga na,
Buksan muna natin ang isang gilid,
Pagkatapos ay ang isa naman, maamoy at basa
Punas at punas at itapon,
Ngayon ay hugasan naman natin.

Hugasan at hugasan hanggang malinis
Amoy mo ngayo'y sariwa at sobrang linis.
Ngayon nama'y tuyuin ng tuyuin
Isang bagong lampin, handa na para sa iyo
Isara ang isang gilid, pagkatapos ay ang isa naman
Malinis at tuyo, ngayon ikaw ay handa na.

Karagdagang ideya: Kantahin ang awitin ng malumanay upang maipakita sa sanggol kung ano ang ibig sabihin ng mga salita. Halimbawa: "Oras nang palitan ang iyong lampin ngayon" – tapikin ang maruming lampin ; "Malinis at tuyo" – tapikin naman ang bagong lampin.

"Makikilala ng inyong sanggol ang mga tunog at salitang pamilyar, at magtitiwala na ang kanyang mga pangagailangan ay natutugunan. Matutulungan nito ang inyong anak na maunawaan at matutong iparating ang kanyang mga pangangailangan at naisin."



Guam Early Learning Guidelines for Young Children Ages Birth to 36 Months. (2007).

Abutin, Ibagsak at Tuklasin

Pagkasilang hanggang 8 Buwan

Pag-unlad ng Kamalayan at Pangangatawan



Materyales:

Mga bagay na ligtas at malinis na angkop sa gulang ng inyong anak, tulad ng mga

kainan niya na yari sa plastik

Mga sapatos ng sanggol

Kumot

Mga Hakbang:

1. Maglagay ng isang bagay na malapit sa inyong anak upang siya ay lumapit dito at ito ay abutin.
2. Maaring tuklasin ng sanggol ang bagay sa pamamagitan ng pagtingin, paglagay sa bibig, paghampas o kaya naman ay paghulog nito.
3. "Makipaglaro" ng saglit sa inyong sanggol kapag ibinagsak niya ang bagay.
4. Hayaang tuklasin ng inyong sanggol ang mga nangyayari sa bagay habang ikaw ay nakikipagusap sa kanya.
 - a. "Narinig mo ba na nahulog ang iyong tasa? Talbog, talbog. Malakas iyon."
 - b. "Nakita mo ba iyong kumot? Malaki at malawak at lubhang tahimik."
 - c. "Isang sapatos na nasa ibaba, pati ang isa pa. Isang sapatos na nasa itaas, gayundin ang isa pa. Dalawang sapatos lahat para sa iyo."
5. Kapag bumagsak ang isang bagay at hindi niya matanaw, tanungin ang inyong sanggol, "Saan napunta ang tasang iyon? Nasaan ang sapatos na iyon? Natagpuan mo ba?" Itaas ang bagay kapag nakita mo ito at sabihin, "Tignan mo, nandito iyong tasa. At narito rin ang iyong sapatos!"

Karagdagang ideya:

- Tignan ang mukha at kamay ng inyong sanggol habang hinahanap niya ang mga bagay habang ang mga ito ay nalalaglag. Kopyahin at ipakita sa kanya ang sarili niyang ekspresyon at galaw ng kanyang mga kamay.
- Pakinggan ang tinig ng inyong sanggol. Gayahin ang kanyang tinig habang "nilalarawan" niya ang mga bagay.

"Magpapakita ang inyong sanggol ng pagkilala sa kanyang kapaligiran at ang mga pangyayari rito. Matutunan nito ang konsepto ng sanhi at resulta."

Guam Early Learning Guidelines for Young Children Ages Birth to 36 Months. (2007).

Abutin at Hatakin

Pagkasilang hanggang 8 Buwan

Pag-unlad ng Pangangatawan

Materyales:

Mga tasang plastik

Mga sombrero ng sanggol

Ibang bagay na tumatakip sa paa ng sanggol na madaling tanggalin

Mga Hakbang: (Para sa sanggol na nakakaupo na)

1. Umupo sa isang kumot o banig sa sahig habang ang iyong sanggol ay nakaharap sa iyo.
2. Hayaang nakaunat ang kanyang mga paa, na bahagyang magkalayo.
3. Hawakan ang kanyang kanang kamay ng maigting ngunit mahinahon at huwag bibitaw.
4. Maglagay ng isang tasang plastik sa kanyang kanang paa at hayaang abutin niya ito ng kanyang kaliwang kamay upang tanggalin. Ulitin, kung kanyang magugustuhan.
5. Pagpalitin naman ang paghawak at paglagay ng tasang plastik. Hawakan ang kaliwang kamay, ilagay ang tasa sa kaliwang paa, at hayaang abutin ito ng kanang kamay.
6. Ulitin ang gawain, subalit gumamit naman ng mga bagay na madaling tanggalin mula sa paa, tulad ng mga sombrero ng pambata.
7. Ipagpatuloy hangga't nasisiyahan ang sanggol sa gawain.

"Igagalaw ng inyong sanggol ang kanyang ulo, katawan, at mga hita ng may intensiyon at kontrolado niya. Pagpapalitin niya ang posisyon ng kanyang katawan ng ayon sa pangangailangan. Matutulungan ng larong ito na tulayin niya ang gitna ng kanyang katawan. Matutulungan din nito na mapaunlad ang kanyang kakayahang magbasa. Gagalaw rin ang kanyang mga mata ng mula kanan pakaliwa at mula kaliwa pakanan ng makailang beses, tulad ng pagbabasa sa mga nilalaman ng isang pahina ng babasahin."

Guam Early Learning Guidelines for Young Children Ages Birth to 36 Months. (2007).

Sa Itaas, Sa Loob, Sa Ibabaw, at Tara na

Pagkasilang hanggang 8 Buwan

Pag-unlad ng Pakikisama at Damdamin, Pangangatawan, Kamalayan at Pananalita



Materyales: Mga damit ng sanggol – baro, pantalon, medyas, sapatos at sombrero.

Mga Hakbang:

- 1. Pagbibihis ng baro** – Gumawa ng laro kung saan tumutulong ang inyong sanggol na bihisan niya ang kanyang sarili. Habang siya’y iyong binibihisan, sabihin sa kanya, “Itaas ang braso, ipasok sa manggas. Kabilang braso naman, sa kabilang manggas. Itaas ang baro, sa ibabaw ng ulo. Ibaba ang baro, at tayo na.”
- 2. Pagbibihis ng pantalon** – Sundin ang kaparehong ideya, habang isinusuot naman ang pantalon. Habang siya’y nakatayo, sabihin “Ipasok ang hita at magbalanse. Kabilang hita naman, hilahin pataas at tayo na.”
- 3. Pagsusuot ng medyas** – “Upo ka, nasaan ang mga magagandang daliri ng paa ? Hayan na, ipasok mo sila, kawag dito, kawag duon, pasok na ang lahat ng mga daliri. Tignan mo ! Isang paang nabihisan na na ng isang medyas. Nasaan ang isa pang paa?” (Ulitin ang ginawa sa isa pang paa.)
- 4. Pagsusuot ng sapatos** – “Nasaan na iyong paang bihis na ng medyas? Eto na ang iyong sapatos, ipasok mo na, ipasok mo na. Iyong isang paa naman, kawag kawag hanggang pumasok.”
- 5. Pagsusuot ng sombrero o gora** – “At ngayon, para sa iyong ulo naman, isang sumbrerong isusuot. Eto na, sumbrero sa ulo, handa na tayo, ang ganda/ang guapo mong tingnan!”

Karagdagang ideya: Habang lumalaki ang inyong sanggol, maaring naisin niya na bihisan ang sarili niya ng pakonti ng pakonti ang tulong na mula sa iyo. Ang ilang mga bata ay maaring maging handa para sa isang klase lamang ng pananamit, sa isang panahon. Hayaang pagmasdan ng inyong anak ang kaniyang sarili pagkatapos ng bawa’t piraso ng pananamit sa kanyang katawan.

"Matutunan ng inyong anak na: a) timbangin ang pangangailan niyang maging malaya o nakasandig sa iba; b) magsimulang magkaroon ng kontrol sa kanyang sarili; k) makilala na may kahulugan ang mga salita at maraming salitang nakaugnay sa paglalarawan at maari siyang magpakita ng higit na pagkagusto sa pagsasalita; d) gawin ang inaasahang mangyari; at e) magpalit ng posisyon at magpakita ng higit na kontrol ng kanyang kalamnan."

Guam Early Learning Guidelines for Young Children Ages Birth to 36 Months. (2007).

Hugasan at Tuyuin

9 hanggang 18 Buwan

Pag-unlad ng Pakikisama at Damdamin, Pangangatawan, Kamalayan at Pananalita

Materyales: Sabon na banayad/hindi matapang at tubig

Dagdag Kaalamang Pangkaligtasan: Siguraduhin na ang temperatura ng tubig ay maligamgam at maginhawa para sa inyong sanggol.

Mga Hakbang:

1. Gabayan ang inyong sanggol na: a) Basain ang kamay. b) sabunin k) Kuskusin ang harap, ang likod, sa gitna ng mga daliri, mga braso, at mga siko. d) Banlawan ang mga kamay at braso. e) Tuyuin ang mga kamay at braso.
2. Umawit habang hinuhugasan ng inyong anak ang kanyang mga kamay. Imbitahin siya na sumabay sa pag-awit.
3. (Sa Himig ng: "Here we go 'round the Mulberry Bush")
"Ganito kami maghugas ng kamay, maghugas ng kamay, maghugas ng kamay."
"Ganito kami maghugas ng kamay, bago kami umupo at kumain."
(Ang huling linya ay maaring palitan ng susunod na gawain: ... bago kami matulog" o di kaya ay kung anumang pangkaraniwang gawain.)
4. Ipagpatuloy ang kanta sa susunod na hakbang ng paghuhugas ng kamay.
"Ganito kami magbanlaw ng aming mga kamay;" "Ganito kami magtuyo ng aming mga basang kamay."

"Matutunan ng inyong anak na: a) magsimulang magkaroon ng disiplina at pagtitimpi sa sarili; b) maunawaan ang ibig sabihin ng maraming salita at kilos; k) makipagusap gamit ang hindi pababagong salita, tunog at kilos; d) gayahin ang kilos at gamit ng mga bagay; e) gamitin na magkatuwang ang mga mata at kamay habang hawak o tinutuklas ang mga bagay bagay; at g) hawakan ang mga bagay gamit ang kamay na nagpapakita ng mataas na antas ng pagkontrol ng kalamnan."

Guam Early Learning Guidelines for Young Children Ages Birth to 36 Months. (2007).

Kahigin at Kumain

9 hanggang 18 Buwan

Pag-unlad ng Pakikisama at Damdamin, Pangangatawan, Kamalayan at Pananalita



Materyales:

Mga pagkaing puedeng kamayin tulad ng sereal o di kaya ay mga ginayat na malalambot na prutas
Mga pangbatang mangkok na yari sa plastik

Dagdag Kaalamang Pangkaligtasan:

Ang mga pagkaing ihahanda para sa sanggol at munting bata ay hindi dapat lumampas ng kalahating pulgada.



Mga Hakbang:

1. Magbuhos ng katamtamang dami ng tuyong sereal sa isang plastik na mangkok. Hayaan ang inyong sanggol na kahigin, dakutin at kumain ng kaya niyang isubo. Kausapin ang inyong anak ukol sa mga nauna niyang ginawa (na pagkahig, pagdakot at pagkain) at mga tunog at yari (malutong o malambot). Pagusapan din ang lasa ["Mmm, lasang obena" (o kanin o trigo).]
2. "Damputin at ilipat" - (para sa mga mas matanda sa sanggol): Maglapag ng isa pang mangkok, at ipakita sa bata kung paano maglipat ng sereal o iba pang mga pagkaing puedeng kamayin, mula sa isang mangkok patungo sa ibang mangkok.
3. Anyayahan ang inyong sanggol na sumabay sa iyo at magbilang. "Isang piraso, dalawang piraso, tatlong piraso, apat. Limang piraso, anim na piraso, pitong piraso pa."

"Matutunan ng inyong anak na: a) magsimulang magkaroon ng disiplina at pagtitimpi sa sarili; b) maunawaan ang ibig sabihin ng maraming salita at kilos; k) makipagusap gamit ang hindi pababagong salita, tunog at kilos; d) gayahin ang kilos at gamit ng mga bagay; e) gamitin na magkatuwang ang mga mata at kamay habang hawak o tinutuklas ang mga bagay bagay; g) hawakan ang mga bagay gamit ang kamay na nagpapakita ng mataas na antas ng pagkontrol ng kalamnan; at h) gamitin ang mga pangdamdam upang tuklasin ang mundong kanyang ginagalawan."

Guam Early Learning Guidelines for Young Children Ages Birth to 36 Months. (2007).

Hawakan at Uminom

9 hanggang 18 Buwan

Pag-unlad ng Pakikisama at Damdamin, Pangangatawan, Kamalayan at Pananalita

Materyales:

Mga tasang maliliit o di kaya'y maaring higupin ang inumim na di karamihan tulad ng katas, gatas o tubig

Mga Hakbang:

1. Magsalin ng kaunting dami ng inumin (katas, gatas o tubig) sa isang tasang panghigop. Makinig at pagusapan ang tunog ng likidong bumubuhos patungo sa tasa.
2. Hayaang hawakan ng bata ang tasa at uminom mula rito. Gumamit ng mga salitang tulad ng "Maayos na paghawak," "Ikaw ay uhaw," at "Ubos na."
3. Siguraduhing merong basahan o anumang pamunas kung sakali man na may matapon; hayaang punasan ng bata ang mga mumunting tapon. Pasalamatang ang sanggol sa kanyang pagpupunas ng mga natapon.

"Matutunan ng inyong anak na: a) magsimulang magkaroon ng disiplina at pagtitimpi sa sarili; b) maunawaan ang ibig sabihin ng maraming salita at kilos; k) makipagusap gamit ang hindi pababagong salita, tunog at kilos; d) gayahin ang kilos at gamit ng mga bagay; e) gamitin na magkatuwang ang mga mata at kamay habang hawak o tinutuklas ang mga bagay bagay; at g) hawakan ang mga bagay gamit ang kamay na nagpapakita ng mataas na antas ng pagkontrol ng kalamnan."

Guam Early Learning Guidelines for Young Children Ages Birth to 36 Months. (2007).



Daganaan ang Laruang Putik

9 hanggang 18 Buwan

Pag-unlad ng Pakikisama at Damdamin, Pangangatawan, Kamalayan at Pananalita



Materyales:

Kahon ng gawgaw

Tubig

Tasang panukat ng ½ tasa

Plastik na bandeha

Lumang baro o bibero na ipantatakip sa damit ng bata

Dagdag Kaalamang Pangkaligtasan: Hugasan ang mga kamay ng bata bago at pagkatapos ng Gawain.

Mga Hakbang:

1. Maglagay ng kaunting gawgaw sa plastik na bandeha. Habang pinaglalaruan ng inyong anak sa kanyang mga daliri ang gawgaw, sabihing "Nararamdaman mo ba ang gawgaw? Ang lambot-lambot. Ang kinis-kinis. Paglaruan mo sa iyong mga daliri. Malasutla. Parang pulbos." Anyayahan ang inyong anak na bigkasin ang mga salita habang siya'y tumutuklas. Purihin siya sa pagsisikap na bigkasin ang mga salita.
2. Buhusan ng unti unti ng tubig ang gawgaw. Hayaang manood ang inyong anak habang patuloy kang nagdadagdag ng tubig at hinahalo sa gawgaw. Sabihin sa kanya ang mga pagbabago. "Malapot siya. Gumagawa tayo ng puting putik!" Tigilan ang pagdagdag ng tubig kapag matigas at nahahawakan na sa kamay ang timpla.
3. Hayaan ang inyong anak na hawakan, kurutin, pukpukin, pisilin, damhin at paglaruan ang puting putik. Anyayahan siya na sabihin sa inyo kung ano ang kanyang ginagawa. "Dagandaganan, pukpok-pukpokin, tapik-tapikin at padaanin sa mga daliri ang laruang putik."
4. Kung atubili ang bata (nanunuod ngunit di humahawak), magpakita ng mga paraan kung paano ito paglaruan at tuklasin. Halimbawa: Ilagay ang putik-putikan sa iyong kamay at paraanin sa iyong mga daliri. Magpatuloy sa paglalaro hanggang maging handa na ang inyong anak na hawakan na ang laruang putik.
5. Kapag laging pinupunas ng bata ang putik mula sa kanyang kamay, ipakita kung gaano kadali na ito ay hugasan.

"Gagamitin ng inyong anak ang kanyang mga pandama upang siyasatin ang mundong kanyang ginagalawan, pagtuwangin ang kilos ng kanyang mga mata at kamay habang tinutuklas o hinahawakan niya ang mga bagay bagay; at magpamalas ng lumalawak na talasalitaan at pangunawa sa paggamit ng mga salita at grupo ng salita upang ipaalam ang kanyang nararamdaman."

Maghugas, Magbanlaw at Magtuyo

19 hanggang 24 na Buwan

Pag-unlad ng Pakikisama at Damdamin, Pangangatawan, Kamalayan at Pananalita

Materyales:

Mga laruang pinggan at iba pa na gawa sa plastik o anumang sisidlang ligtas at maaring gamitin na paulit-ulit tulad ng lalagyan ng margarin o mga bote ng tubig

Laruang mesa o kumot

2 katamtamang palangganitang plastik na may lamang tubig

1 maliit at magaang pangkuskos

Espongha

Ilang patak ng banayad at likidong sabon

Mga malinis na tuwalyang pangtuyo ng mga laruang pinggan

Dagdag Kaalamang Pangkaligtasan:

Bantayang mabuti na ang may sabong tubig ay gagamitin para sa mga pinggan at hindi iinumina.

Mga Hakbang:

Anyayahan ang inyong anak na gawin ang alinman sa mga sumusunod:

1. "Kahanga-hangang tagahugas" – Kasama ang inyong anak, ilabas ang ilang laruang pinggan at mga sisidlang plastik na nagagamit ng paulit-ulit. "Oras na para hugasan ang mga ito. Handa ka na bang maging si "Kahanga-hangang Tagahugas" at gawin ang mga ito na malinis at mukhang bago?" Hayaan siyang dalhin ang mga ito habang ihinahanda mo ang mga palangganita ng tubig sa labas ng bahay, kung saan ang isa nito ay may ilang patak ng sabon. Gamit ang espongha, gabayan ang inyong anak na siyang maghugas ng bawat piraso. Sabihin kung gaano kabasa at kabula ang tubig na maysabon at kung gaano magiging kalinis ang mga pinggan. Ang galing ng trabaho mo, Kahanga-hangang tagahugas!"
2. "Tagabanlaw at Tagatuyo" – Kapag handa na ang inyong anak, gabayan siya sa pagbanlaw ng mga pinggan, at matapos ay sa pagtuyo ng mga ito gamit ang tuwalyang pamunas. Matapos nito ay pagsama-samahin sila sa isang lalagyan at bumalik sa loob ng bahay.

Karagdagang ideya:


- Gamitin ang mga nilinis na kagamitan para sa iba pang gawain tulad ng pag uuri, pagsasama sama sa pare parehong grupo gaya ng lahat ng plato, tasa, bandeha, bote atbp.
- Gamitin ang mga pinggan at iba pa, upang ihanda ang hapag-kainan sa isang kumot, mat o mahabang mesa.

"Matutunan ng inyong anak na: a) magpakita ng pagkilala ng sarili at kayang gawin; b) asahan na ang ilang bagay ay mangyayari bilang resulta ng naunang aksiyon, magkaroon ng maayos na koordinasyon ng mga mata at kamay; at d) magpakita ng higit na bokubolaryo at pagintindi sa pamamagitan ng pakikinig ng may interes at pagpapamalas ng pangunawa."

Gumapang sa loob ng Lagusan

19 hanggang 24 na Buwan

Pag-unlad ng Pangangatawan at Kamalayan



labas. Upang masiguro ang kaligtasan, umupo sa kabilang dulo ng lagusan at silipin ang inyong anak. Upang patibayin ang utos, gumawa ng ilang bagay tulad ng pagtapik sa loob ng kahon upang maulit sa inyong anak na ang panggapang ay dapat sa loob lamang.

Mga Hakbang:

1. Sa pagtungo ng iyong sanggol sa lagusan, sabihin sa kanya kung ano ito at panoorin ka upang makita niya ang dapat niyang gawin. Habang siya ay nakamasid, anyayahan siyang tumuklas. Halimbawa: "Ano ang nasa loob nito? Gusto mo bang makita? Gusto mong pumasok?" Maari ka ring maglagay ng paboritong laruan sa dulo ng lagusan, na kanyang aabutin o pupuntahan. O di kaya naman ay maari kang pumwesto sa kabilang dulo at sabihin sa kanya na gumapang patungo sa iyo.
2. Masdan ang inyong anak habang siya ay gumagapang. Sabihin sa kanya: "Gumagapang ka sa lagusan. Gumagapang ka ng dahan-dahan."
3. Kapag narating niya ang kabilang dulo ng lagusan, palakpakan siya at sabihing: "Magaling ang iyong ginawa. Nagawa mong gumapang sa buong lagusan na mag-isa. Nagustuhan mo ba?"

Karagdagang ideya: Gumawa pa ng ibang uri ng lagusan – gumamit ng sampayan, magsabit ng isang kumot sa ibabaw nito at patatagin gamit ang mga pang-ipit ng damit; o di kaya'y magsama-sama ng mga maliliit na silya, takpan ng kumot at pagugnayin ang mga kanto upang makagawa ng lagusan.

"Ang inyong anak ay a) magpapakita ng higit na balanse at koordinasyon sa mga gawaing laro; b) makakagawa ng mas maraming bagay ng nag-iisa; at k) makakasunod sa mga simpleng panukala at direksiyon ng mas malimit."

Guam Early Learning Guidelines for Young Children Ages Birth to 36 Months. (2007).

Magbalanse at Maglakad

19 hanggang 24 na Buwan

Pag-unlad ng Pangangatawan at Kamalayan

Materyales: Limang talampakan ng “masking” teyp (2 o 3 pulgada ang lapad).

Mga Hakbang:

1. Maglagay ng teyp sa isang patag at makinis na lugar, sa isang linyang tuwid.
2. Masdan kung ano ang gagawin ng inyong anak sa guhit na ito.
3. Kung siya ay walang gagawin sa sariling kusa, magpanukala na :
 - a. Siya ay maglakad hanggang marating ang dulo ng linya.
 - b. Itaas ang mga kamay palabas sa magkabilang gilid upang siya ay makapagbalanse habang naglalakad.
 - c. Palakasin ang loob at purihin ang inyong anak habang sinusubukan niyang magbalanse.
4. Sumubok ng iba’t ibang uri ng paglalakad – masaya, malungkot, nakakatakot, gulat, nakakatawa, galit, inaantok, mabilis, mabagal, malakas at tahimik na lakad.
5. Lumikha ng kwento para sa inyong anak upang ipakita ang iba’t ibang uri ng lakad.
6. Purihin ang inyong anak sa pagsunod sa mga tagubilin at pagsubok maglakad.

Karagdagang ideya:

- Gamitin ang ‘masking’ teyp upang makabuo ng mga pangunahing hugis tulad ng tatsulok, bilog at parisukat upang masubukan niyang maglakad sa mga guhit ng hugis.
- Imbes na teyp, gumawa ng landas gamit ang mga tuyong dahon o di kaya naman ay mabuhanging daanan na maari niyang lakaran.

"Matutunan ng inyong anak na magpamalas ng higit na balanse at koordinasyon sa mga gawaing laro at sumunod sa mga simpleng panukala at direksiyon ng mas malimit. Gusyo ng mga bata ang tumakbo, tumalon, at umakyat-akyat ngunit di ito madali sa kanilang edad sapagkat mahihirapan pa silang magbalanse ng mag-isa."

Guam Early Learning Guidelines for Young Children Ages Birth to 36 Months. (2007).

Kumilos ng Tulad ng mga Hayop

19 hanggang 24 na Buwan

Pag-unlad ng Pangangatawan at Kamalayan



Materyales: Mga headband o sombrero gawa sa lumang dyaryo, teyp o pandikit, Mga larawan ng mga hayop mula sa lumang magasin tulad ng aso, pusa, baka, baboy o bibe.

Mga Hakbang:

1. Idikit ang bawat isang larawan ng hayop sa sombrero o headband. Maaring pumili ang inyong anak kung alin ang kanyang isusuot at siya ay makapagpapalit sa anumang oras.
2. Anyayahan siyang maglaro at sabihin – Magkunwari tayo na tayo ay aso. Hayaang hanapin ng inyong anak ang headband o sombrero na may larawan ng aso. Magsimula: “Anong tunog ang ginagawa ng isang aso? Woof, woof.”
3. Ipakita sa bata kung paano kumilos tulad ng isang aso. Gumapang sa sahig at tumahol. Tingnan kung paano nakakasunod ang inyong anak.
4. Imbitahan ang inyong anak na makisalo sa paggawa ng iba’t ibang tahol na ayon sa iba’t ibang sitwasyon tulad ng : Kapag lumalapit si Inang aso, o kapag may pusang lumalapit, kapag may ibang aso na umaagaw sa kanyang pagkain o kapag may paro-parong lumilipad sa ibabaw ng ulo niya. (Gampanan ninyo ang karakter ng Inang aso, pusa, atbp).
5. Sumubok naman ng iba-ibang hayop at sundin ang parehong ideya na ginawa na sa itaas.
6. Umawit ng isang kantang tulad ng "Old MacDonald." Hayaan ang inyong anak na siyang gumawa ng tunog ayon sa hayop na binabanggit sa kanta.

"Old MacDonald had a farm. E-i-e-i-o.

And on this farm, he had a dog. E-i-e-i-o.

With a woof, woof, here and a woof, woof, there.

Here a woof, there a woof. Everywhere a woof, woof.

Old MacDonald had a farm. E-i-e-i-o."

"Ang inyong anak ay a) magpapakita ng pagkilala sa sarili at kakayahan; b) susulong ang malaponemang kamalayan sa pagkilala at pagsagot sa tunog ng salita; at k) tumalas ang memorya para sa detalye. Itong malikhain at mapaglarawang laro ay nakakatulong sa pagunlad ng kanyang kamalayan, pisikal at kasanayang pananalita. Matutunan ng inyong anak na makagawa ng tunog at palakasin ang mga kalamnan sa dila, bibig at pagsasalita."

Guam Early Learning Guidelines for Young Children Ages Birth to 36 Months. (2007).

Maglaro ng Bola sa Parisukat

25 hanggang 36 na Buwan

Pag-unlad ng Pangangatawan, Pakikisama at damdamin



Materyales:

Mga bola na tig 12 pulgada ang dyametro

"Masking" teyp

Mga kahon o malalalim na bandeha na kung saan maaring ipasok ang bola

(Ekstra: mga larawan ng bagay na gumagawa ng tunog tulad ng hayop o sasakyan)

Paghahanda: Walisan at linisin ang lugar na paglalaruan tulad ng tabing daan, garahe o bakanteng lote sa labas, na patag. Gumawa ng isang parisukat na tig walong pulgada ang lapad at haba sa tabing daan, gamit ang "masking" teyp. Gamitin din ang teyp upang markahan ang mga lugar na mula 1 hanggang 2 talampakan ang layo mula sa parisukat.

Mga Hakbang:

1. Anyayahan ang inyong anak na maglaro ng Bola sa Parisukat. Ipakita ang parisukat, ang bola, at ang pananda. Tumayo sa isang namarkahang lugar, 2 talampakan ang layo mula sa parisukat. I abot ang isang bola sa inyong anak at sabihin, "tumayo ka dito sa may tanda, at ipukol mo ang bola papasok sa parisukat." Gumamit ng mga aksyon na magabayan ang direksyon sa pagtuturo ng pananda at parisukat.
2. Pagmasdan kung paano ginagawa ng inyong anak ang gawain. Purihin ang inyong anak kapag naipasok niya ang bola sa parisukat. Kapag nakapagpasok pa siya ng mas marami, higit na palakasin ang kanyang loob na lumayo ng unti unti mula sa parisukat at ipagpatuloy ang laro.
3. Kung hindi niya maipasok, sabihing subukin muli. Kung maraming pagkakataong di naipapasok ang bola, palapitin naman siya sa may parisukat.

Karagdagang ideya: Gumamit ng mga kahon. Lagyan ng larawan ng hayop o sasakyan ang bawat kahon. Kapag naipasok niya ang bola, hayaang pangalanan niya ang larawan o di kaya ay gawin ang tunog ng hayop o sasakyan.

"Ang inyong anak ay a) makakagawa ng mas mahirap na galaw gamit ang mga braso at hita; b) magagamit ang buong katawan upang maintindihan ang konsepto ng espasyo; k) magagamit ang higit na pinabuting koordinasyon ng mga kamay at mata upang tuklasin at paaandarin ang mga bagay bagay; at d) magpakita ng lumalawig na pagkilala sa sarili at ipahayag ang damdamin ng higit na malaya, nagpapakita ng kasarinlan at husay."

Guam Early Learning Guidelines for Young Children Ages Birth to 36 Months. (2007).

Gumuhit sa Buhangin o sa Papel

25 hanggang 36 na Buwan

Pag-unlad ng Pangangatawan, Pananalita at Karunungan



Materyales:

Isang pamatpat na walang talas sa mga gilid
"Construction paper" o kahit anong papel na pangguhit na pinagputol putol sa mga parihabang may sukat na $4\frac{1}{2} \times 5\frac{1}{2}$ na pulgada

Sisidlan ng mga lapis o krayola

(Opsyonal: mga pluma na may malambot na panulat at hindi nakalalason)

Paghahanda: Siguraduhin na gumagana lahat ng mga gamit pangsulat (merong malinaw na mga pananda). Isaayos ang mga gamit sa isang sisidlan at ilagay sila sa isang lugar na madaling abutin ng inyong anak.

Dagdag Kaalamang Pangkaligtasan:

Hugasan ang mga kamay matapos gumuhit sa buhangin o lupa.



Mga Hakbang:

Sa labas ng bahay:

1. Kapag kayo ay nasa tabing-dagat o likod bahay, ihanda ang patpat sa isang tabi habang naglalaro ang inyong anak sa buhanginan o sa lupa. Kapag kinuha niya ito, masdan kung paano nya ito gamitin.
2. Kung siya ay gumawa ng mga tanda, pagusapan ang mga linyang nagawa. Halimbawa: Gumawa ka ng linyang paliko-liko. Tignan mo kung gaano kalayo mo naiguhit iyon. Gumawa ka rin ng mga linyang maalon, una'y pakurbang pataas, pababa, pataas muli, pababa muli. Sabihin sa kanya na siya ang magkwento tungkol sa larawang iginuhit niya.

Sa loob ng bahay:

3. Ipasa sa inyong anak ang "construction paper" o papel na pangguhit at sisidlan ng mga gamit pangguhit. Masdan kung paano gamitin ng inyong anak ang mga kagamitan at hayaan siyang kumilos mag-isa.
4. Kung nagpapakita siya ng pangangailangan ng tulong; alalayan siya sa inyong mga salita. Halimbawa: "Mukhang naipit ang takip ng iyong pananda." "Subukan nating hilahin at baluktuting muli." "Nabali na naman ang dulo ng iyong lapis." "Oras na para tasahan na natin uli."
5. Tulad ng mga markang nagawa sa buhangin, kapag siya ay nakagawa rin sa loob ng mga tanda, kausapin siya ukol sa mga nagawang guhit. "Ano ang nasa isip mo ng iginuhit mo itong larawan na ito?"

"Ang inyong anak ay a) magagamit ang higit na pinabuting koordinasyon ng mga kamay at mata upang tuklasin at paaandarin ang mga bagay bagay; b) tuklasin ang gamit ng mga materyales para sa sining; at c) pauunlarin ang kakayahang magsulat sa pagkilala na ang mga dibuho, larawan sa oleo, at pagsusulat ay makabuluhang representasyon."

Magdisenyo at Kainin ang Larawang Maprutas

25 hanggang 36 na Buwan

Pag-unlad ng Kamalayan at Pananalita

Materyales:

Isang pirasong saging kada bata (hindi pa nababalatan), Dalawa o higit pang prutas (dalandan, kaimito, presa, atbp.), Dalawang platong papel – isa para pagputulan ng mga prutas at isa pang gagamitin sa paggawa ng disenyo, Mga plastik na kutsilyo, Mesa, Mga tuwalyang papel

Dagdag Kaalamang Pangkalusugan at Pangkaligtasan:

Hugasan ang mga kamay, kutsilyong plastik, at mga prutas maliban sa saging. Linisin din ang mesa. Gabayan ang bata sa paggamit ng kutsilyo.

Paghahanda: Ilabas lahat ng kagamitan at sangkap at pangalanan sila. Banlawan din lahat ng prutas na hinugasan at tuyuin gamit ang mga pamunas na papel. Tanungin ang inyong anak kung bakit hindi kailangang hugasan ang saging.

Mga Hakbang:

1. Balatan ang saging.
2. Putulin ang saging ng palapad.
3. Balatan ang dalandan. Paghiwa-hiwalayin.
4. Ilabas ang iba pang prutas. Putulin ang kaimito ng palapad. Hatiin sa gitna ang presa.
5. Magisip ng isang disenyo.
6. Gawin at kainin ang inyong disenyo.

Karanasan sa Pananalita

Ano ang itsura nito, amoy at pakiramdam nito?

Pumuputol tayo ng palapad upang gumawa ng mga bilog.

Pagusapan ang kanilang itsura, amoy at pakiramdam. Bilangin ang bawat bahagi ng prutas.

Ano ang kanilang itsura, amoy at pakiramdam? Banggitin ang disenyong bituin ng kaimito. Ang mga buto ng presa ay nasa labas nito, ang ibang prutas, nasa labas. Pagusapan ang konsepto ng buo at kalahati.

Ang isang disenyo ay isang ideya, isang larawan. Ano ang gusto mong gawin – parisukat, bilog o tatsulok?

Manood at makinig habang lumilikha ang inyong anak. Anong lasa ng iyong parisukat? Ng iyong bilog? Ng iyong tatsulok?

"Ang inyong anak ay a) magpapalawak ng kanyang talasalitaan na may higit na magkakarugtong at mapaglarawang salita; b) magkakaroon ng mas makabuluhang pakikipagusap sa kapwa at nakatatanda; k) maghahanap ng kaalaman sa pamamagitan ng pagmamasid, pagtuklas at mapaglarawang imbestigasyon; d) magkakarron ng higit na pagkilala sa kanyang mga pandamdam; e) tutuklasin ang mga pisikal na katangian ng mundo; g) kikalala at lilikha ng mga parisan at mabatid ang mga kaugnayan; at h) lilikha at ipapahayag ang kanilang mga sarili mula sa iba't ibang karanasan sa sining."

Sukatin ang Tubig

25 hanggang 36 na Buwan

Pag-unlad ng Kamalayan at Pananalita



Materyales:

Iba't ibang sukat ng tasa o mangkok na plastik
(o kung meron, 2 pangkat ng tasang panukat ng likido)
Isang malaking lalagyan ng tubig
Isang mesa na plastik (o gumamit ng madamong lugar)
Ober-ol o damit pang langoy

Dagdag Kaalamang Pangkalusugan at Pangkaligtasan: Kung gagawin sa loob ng bahay, maglatag ng mga tuwalya sa sahig upang hindi makadulas. Linisin ang malaking palanggana ng tubig. Hugasan ang mga kamay. Magmasid ng malapitan upang maiwasan ang anumang sakuna dahil sa tubig.

Mga Hakbang:

1. Pasimulan ang karanasan habang tinutulungan ninyo ang inyong anak na magbihis ng damit panglangoy (upang maaliw sa lahat ng tubig) o di kaya ay ober-ol (upang mapanitiling tuyo ang kanyang damit.) Halimbawa: Mayroon akong mga tasa at mangkok na maari mong paglaruan sa tubig ngayon.
2. Masdan habang ginagamit ng inyong anak ang mga materyales. Pagusapan ang mga aksyon. Halimbawa: Ikaw ay magiging maingat sa pagsalin ng tubig mula sa isang tasa papunta sa kabilang tasa. Mukhang inililipat mo ang laman ng isa patungo sa ikalawa. Kinailangan mo ng dalawang maliit na tasa para mapuno ang isang malaki.
3. Enganyohin ang inyong anak na bilangin kung ilang tasa ang kinailangan upang mapuno ang pinakamalaking tasa. Gawin din ito sa mga mangkok.
4. Upang matulungan ang inyong anak na maisip ang tungkol sa "dami"at kaugnayang "buo at mga bahagi", sabihin sa inyong anak na pagusapan ninyo kung anumang problema ang kanyang makaharap sa paggamit ng mga tasa. Halimbawa: Bakit tila kayrami ng tubig na natatapon mula sa maliliit na mangkok tuwing sinasalinan mo ng tubig ang malaking mangkok?

"Ang inyong anak ay a) magpapakita ng interes tungkol sa kaugnayang dami at bilang; b) gagamit ng pag-iisip na matematikal upang masagot ang mga pangaraw-araw na suliranin; k) maghahanap ng kaalaman sa pamamagitan ng pagmamasid, pagtuklas at mapaglarawang imbestigasyon; d) tutuklas ng mga bagong paraan sa paggawa ng mga bagay na higit na may kalayaan sa paglutas ng suliranin; at e) magpapalawak ng kanyang talasalitaan na may higit na magkakarugtong at mapaglarawang salita."

Guam Early Learning Guidelines for Young Children Ages Birth to 36 Months. (2007).

Magsipilyo at Magsuklay

3 hanggang 5 taon

Pag-unlad ng Pangangatawan, Kalusugan at Kaligtasan

Materyales:

Kremang pansipilyo at sipilyo

Suklay o "brush" ng buhok

Salamin

Isang libro ukol sa pangangalaga ng ngipin



Dagdag Kaalamang Pangkalusugan: Siguraduin na ang mga balahibo ng sipilyo ay maayos pa at malinis. Kailangan ding ang mga suklay. Hindi rin dapat na naghihiraman ng mga sipilyo at suklay.

Mga Hakbang:

"Pagsisipilyo"

1. Tanungin kung para saan ang mga ngipin. (Pangkagat at pagnguya ng ating pagkain, pagsasalita at pagngiti)
2. Magbasa ng isang kwento ukol sa pag-aalaga ng ngipin.
3. Gamitin ang salamin upang mabilang ang mga ngipin sa itaas at sa ibaba.
4. Pag-usapan ang pag-aalaga sa ngipin upang manatiling malusog.
5. Ipakita ang tamang paraan ng pagsisipilyo, hagod na pataas o pababa o pabilog. Masdan ang inyong anak habang nagsasanay.
6. Pumisil ng isang maliit na patak ng kremang pangsipilyo patungo sa sipilyo ng inyong anak at maghiso na.
7. Pagkatapos ay magmumog. Ilabas ang salamin at ngumiti.

"Pagsusuklay ng Buhok"

8. Gamitin ang salamin para mapagmasdan ng inyong anak ang kanyang buhok. Pag-usapan ang kulay nito, kung gaano ito kalambot o katigas, gaano ito kahaba o kaikli, at ang hugis nito (tuwid, maalon o kulot).
9. Ilabas ang suklay o "brush" ng buhok. Gabayan ang inyong anak na magsimula mula sa itaas at suklaying pababa ng banayad at dahan dahan hanggang mawala na ang mga buhol at maging banayad na ang pagsusuklay.
10. Ilabas ang salamin at ngumiti.

Karagdagang Ideya: Gumawa ng talaan ng pagsisipilyo at pagsusuklay para sa inyong anak upang mamarkahan kung ilang beses sa isang araw na siya ay nagsipilyo at nagsuklay ng kanyang buhok. Gantimpalaan ang gawing ito na tungo sa magandang kalusugan.

"Ang inyong anak ay a) magsusulong ng kamalayan at kakayahang pangkalusugan; b) magpapaunlad din ng lakas at koordinasyon ng mga maliliit na kalamnan; at k) magpapatuloy na magkaroon ng pagkilala sa sarili."

Maglaro ng Maingat at Ligtas

3 hanggang 5 taon

Pag-unlad ng Pangangatawan, Kalusugan at Kaligtasan



Materyales: Upuang pang-kotse sa loob ng sasakyan

Mga Hakbang:

Tanungin ang inyong anak kung alam niya ang ibig sabihin ng “pagiging maingat at ligtas”. Anong pakiramdam nito? Ano ang magagawa ng inyong anak kapag ang pakiramdam niya ay siya’y ligtas?

DAGDAG KAALAMANG PANGKALUSUGAN #1 Maglakad ng Maingat: Sa labas, sa may tabing daan, o sa loob ng bahay, tandaan na laging maging maingat sa paglalakad. Bakit? Upang hindi ka nabubunggo sa mga kasangkapan o sa ibang tao, at hindi ka nasasaktan o nakakasakit. Kapag kayo ay nasa labas ng bahay, sabihin sa inyong anak at sanayin siya na tumingin sa kaliwa at sa kanan bago tumawid sa kalsada.

DAGDAG KAALAMANG PANGKALUSUGAN #2 Isuot ang hebilyang pangkaligtasan: Laging tandaan na magsuot ng hebilyang pangkaligtasan kapag sumasakay ng kotse. Bakit? Para lagi kang ligtas sa iyong upuan, kung mayroon mang aksidente. Panoorin siya habang ginagawa ito at gantimpalaan siya ng isang ngiti at tapik sa balikat.

DAGDAG KAALAMANG PANGKALUSUGAN #3 Tigil, higa, gulong: Kapag ang iyong damit ay nasusunog, TUMIGIL KA, HUMIGA AT SAKA GUMULONG. Ipakita at magsanay kasabay ng iyong anak. Tandaan na gumulong ng gumulong hanggang patay na ang apoy. Bakit? Kailangang maapula ang apoy para hindi ka masunog.

DAGDAG KAALAMANG PANGKALUSUGAN #4 Bumaba at Gumapang Palabas: Kapag ang isang lugar ay nasusunog, kailangan mong bumaba at gumapang. Bakit? Mas malinis ang hangin, at wala gaanong usok sa ibaba na nakatutulong sa paghinga upang ikaw ay makagapang palabas ng ligtas.

DAGDAG KAALAMANG PANGKALUSUGAN #5 Laging maging ligtas sa tahanan: Lumayo sa mga delikadong bagay tulad ng kalan, posporo, pansindi, kutsilyo, baril, gamut at lason. Siguraduhing may nakatatandang nagbabantay sa iyo kapag ikaw ay naglalaro sa tubig. Bakit? Para hindi ka masaktan, at masaya kang makapaglalaro at matututo.

"Ang inyong anak ay matututo, makakakamit at makasusunod sa mga batayang tuntunin ng pagtulong sa sarili at kaligtasan."

Guam Early Learning Guidelines for Young Children Ages Three to Five. (2005).

Ang Mukha ko'y Nagsasalita

3 hanggang 5 taon

Pag-unlad ng Pagkilala sa sarili, Pakikisama at Damdamin

Materyales:

Salaming hindi nababasag

Pinggang papel

Mga pananda

Librong pambata ukol sa mga damdamin

(Opsyonal: mga larawang mula sa lumang magasin o dyaryo, gunting, kolang pangdikit)

Mga Hakbang:

1. Tanungin ang inyong anak kung ano ang nakapagpapasaya sa kanya. Makinig sa lahat na karanasan, at ipakita sa salamin : Ano ba ang itsura ng masayang damdamin ?
2. Ano ang nagpagpapalungkot sa inyong anak ? Makapagpapagalit ? Makapagpapagulat ? Makapagpapatakot ? Muli ay makinig sa mga karanasan at manalamin.
3. Ilabas ang mga pinggang papel at pananda. Anyayahan ang inyong anak na gumuhit ng mga mukha na nagpapakita ng iba't ibang damdamin – masaya, malungkot, galit, gulat, takot. Gamitin ang salamin upang mapagaralan ang iba ibang paraan na nagpapakita ng damdamin ang ating mukha.
4. Karagdagang ideya : Maliban sa pagguhit, gumupit ng mga larawan mula sa lumang magasin at dyaryo na nagpapakita ng iba't ibang mukha at damdamin at idikit sa mga pinggang papel.
5. Isulat ang mga salitang naglalarawan sa mga damdaming masasalaman sa bawat plato.
6. Magbasa ng libro ukol sa damdamin. Pag-usapan ang iba't ibang bagay, lugar, tao at pangyayaring nagbubunsod ng bawat damdamin.

Karagdagang Ideya: Tumingin sa mga magasin, libro, mga paskel at dyaryo. Sabihin sa inyong anak na pag-aralan ang mga mukha at sabihin kung ano ang maaaring nakapaloob na damdamin at bakit. Pagisipin din ang inyong anak ng mga paraan upang makatulong kapag ang damdamin ay pagiging malungkot o galit.

"Mauunawaan at makapaglalahad ng naaayon na damdamin ang inyong anak."

Guam Early Learning Guidelines for Young Children Ages Three to Five. (2005).

Gumawa ng mga Kaibigan

3 hanggang 5 taon

Pag-unlad ng Pagkilala sa sarili, Pakikisama at Damdamin



Materyales: Isang bola at isang laruan

Paghahanda: Isipin ang mga bata na kinahihiligan at palakaibigan. Ano ba ang kanilang asal? Sila ay palangiti at palatawa, at pakikibahagi ng mga laruan. Ipinapanukala ng Ang Sentro ng Panlipunan at Emosyonal na Batayan ng Maagang Kaalaman (The Center on the Social and Emotional Foundations of Early Learning-CSEFEL) ang mga sumusunod na Kakayahang Pakikipagkaibigan: a) pangangasiwa ng paglalaro b) pagpapahiram ng laruan c) pagkakaroon ng kanya-kanyang oras sa paglalaro ng iisang laruan d) pagiging matulungin e) pagbibigay-puri f) pagiging maunawain at paghingi ng paumanhin g) simulan ang pag-inthindi sa hangarin.

Ang bawat kakayahan ay nangangailangan ng pangunawa at pagsasanay. Dalawang ideya ang ibinabahagi sa ibaba. Para sa karagdagang impormasyon, mag log on sa:
<http://www.vanderbilt.edu/csefel>.

Mga Hakbang:

Magsanay kasama ang inyong anak bago siya makipaglaro sa isang kaibigan.

- A. Tagapangasiwa ng Laro. (1) Kunin ang atensiyon ng kaibigan. (2) Ipasa ang bola sa kanya. (3) Magbigay ng panukala kung ano ang maari niyang gawin sa bola. (4) Ipakita ang mga halimbawa ng tamang paggamit ng bola. Sabihin din ang mga maling paraan
Halimbawa: Ang pag-agaw nito ng bigla mula sa isang kaibigan ay hindi tama (5) Magsanay. (6) Magtaguyod
- B. Pagpapalitan ng Oras (1) Ikaw muna, pagkatapos mo, ako naman (2) Humingi ng sarili mong oras sa laruan (3) Magsanay sa pagpapalitan ng oras sa isang laruan (4) Ipakita ang mga halimbawa ng tamang paraan at sabihin naman ang mali. (5) Magsanay. (6) Magtaguyod. Halimbawa : Ang paglalaro ng isang laruan ng lubhang napakatagal, sobra sa takdang oras at hindi pagpapaubaya sa ibang nais ding maglaro ay hindi tanda ng pagiging mabuting kaibigan. Ang pakikibahagi ng isang laruan ay pagiging palakaibigan.

"Maisusulong ng inyong anak ang kakayahang makisalamuha, magbuo at panatiliin ang wastong kaugnayan sa kapwa. "

Guam Early Learning Guidelines for Young Children Ages Three to Five. (2005).

Paghambingin ang mga Karton

3 hanggang 5 taon

Pag-unlad ng Kamalayan

Materyales:

Mga nalinis na lumang karton ng itlog

Ilang mga bagay na halos magsisinlaki (kabibe, mga bato, baryang pera, mga pitsang de-kulay, butones, atbp.)

Limang supot ng sanwits na naisasara

Paghahanda: Ihanda ang limang supot. Sa bawa't isa, maglagay ng ibang bagay at ibang bilang ng ganuong bagay. Halimbawa: isang de-kulay na pitsa sa una, dalawang butones sa pangalawa, talong bato sa pangatlo, at saka pa.

Mga Hakbang:

1. Ipakita ang pangkat ng limang supot. Ipaliwanag na bawa't isa ay magkakaiba ang laman, gayundin ang bilang ng mga ito.
2. Maglabas ng dalawang supot. Tanungin ang inyong anak kung paano niya masasabi kung alin ang mas maraming laman. Makinig kung paano niya ito tutuklasin. Tanungin ang inyong anak – "Aling supot ang merong mas maraming laman?" "Paano mo nasabi iyon?" "Paano mo matutuklasan kung aling supot ang mas marami ang laman?"
3. Kung hindi nagawa ng inyong anak na mailarawan kung aling supot ang mas marami, gawin ang mga sumusunod. Ilabas ang unang supot. Alisin ang laman nito at ilagay sa isang hanay ng karton ng itlog. Ilabas naman ang pangalawang supot. Ulitin ang ginawa sa unang supot. Tanungin ang sa inyong anak, "Alin ang mas marami?" "Paano mo masasabi?" "May iba pa bang paraan upang dagling masabi kung alin ang mas marami?" "Alin naman ang mas kokonti? Ilan sa hanay na ito ang walang katuwang?"
4. Ipaliwanag sa bata na ang mga hanay na nagkakatuwang ay pareho o magkasindami, ang hanay na may laman pero walang katuwang ay mas marami, at ang kabilang hanay nito ay mas kokonti.
5. Magbilang kayo ng sabay. Ang pangkat na may dalawang butones ay mas marami kaysa sa isang pitsa.
6. Ipagpatuloy ang gawain sa dalawang pang supot.

"Ang inyong anak ay a) matututo ukol sa mga bilang; b) magkakaroon at makagagamit ng mga konsepto ukol sa pagsukat; at k) magkakatawan at pakahuluganan ang mga datos."

Guam Early Learning Guidelines for Young Children Ages Three to Five. (2005).

Pagbukurin ang mga Kabibe at Bato

3 hanggang 5 taon

Pag-unlad ng Kamalayan



Materyales na Kailangang Dagdag Kaalamangunin:

Mga kabibe at bato na magkakaiba ang sukat, hugis at yari

Sisidlang paglalagyan ng koleksiyon

Supot ng sanwits na maaring masaraduhan o kaya ay nalinis na lumang karton ng itlog upang paglagakan ng mga bagay na naibukod na

Dagdag Kaalamang Pangkaligtasan:

Magsuot ng sombrero upang maprotektahan mula sa maliwanag na sikat ng araw; maglagay din ng pangtabing-araw upang maiwasan ang pagkasunog ng balat mula sa init ng araw. Maiging bantayan ang mga kabibe na maaring gustong hawakan ng inyong anak, dahil maaring ang ilan sa ito at may matulis na gilid o di kaya naman ay nakakalason. Huwag kukuha ng mga kabibe na may buhay na hayop sa loob nito.

Dagdag Kaalamang Pangkalusugan:

Hugasan sa tubig at sabon ang mga nakolekta. Patuyuin muna bago gamitin.

Mga Hakbang:

1. Magbalak ng isang paglalakad sa dalampasigan upang manguha ng mga kabibe at bato. Gumugol ng oras upang pag-usapan ang mga ito – ang kanilang kulay, sukat, hugis at yari. Magdala ng sisidlan para sa mga makokolekta.
2. Matapos ang paglalakad, hugasan at patuyuin ang mga nakolekta. Hayaan ang inyong anak na pagbukurin ang magkakaibang bagay.
3. Hayaan din siya kung paano niya gustong pagbukurin ang bawat grupo. Makinig sa kanyang mga dahilan kung bakit ganuon ang kanyang pagkakasama-sama ng mga bagay. Halimbawa: Maaaring pagsama-samahin ng inyong anak ang mga kabibe batay sa dami ng mga umbok o di kaya naman ay sa mga butas nito.
4. Magalay ng mga salita upang ilarawan ang mga grupo kung sila ay inilagay ayon sa pagkasunod sunod ng mga katangian gaya ng malaki, mas malaki, pinakamalaki o di kaya naman ay makinis, mas makinis, pinakamakinis.

Karagdagang Ideya: Tignan kung merong pagkaka-ayos ng magkakasalungat tulad ng: magaspang/makinis, maliit/malaki, atbp. Ito ay isang simpleng pamarisan na maaring subukan ng inyong anak.

"Makikilala at makalilikha ang inyong anak ay ng mga pamarisan at magkakaroon ng kaalaman ukol sa mga kaugnayan."

Guam Early Learning Guidelines for Young Children Ages Three to Five. (2005).

Lakad sa Likod Bahay

3 hanggang 5 taon

Pag-unlad ng Kamalayan

Materyales:

Plastik na nagpapalaking lente

Sisidlang paglalagyan ng mga koleksiyon tulad ng isang maliit na botelyang plastik na may butas

Pantaboy ng insekto

Pangtabing-araw

Dagdag Kaalamang Pangkaligtasan: Huwag hihiwalayan ang inyong anak. Hayaan siyang tumuklas, ngunit paalalahanan siya na magtanong muna bago siya humawak ng anupamang bagay sa paglalakad – maaaring may mga halamang nakakalason o di kaya naman ay mga insektong nakakatusok. Kailangang malaman ng mga magulang at tagapag-alaga ang mga nakakasakit na halaman at hayop sa kapaligiran ng Guam. Ipinapanukala ng Akademiya ng Pedyatrya ng Amerika (American Academy of Pediatrics) at ng Ahensiyang Nangangalaga ng Kapaligiran (Environmental Protection Agency) ang paggamit ng pantaboy ng insekto para sa mga batang 3 buwan pataas, kung kinakailangan. Para mapangalagaan ang balat mula sa kagat ng lamok o iba pang insekto, ipahid o ilagay ang pantaboy insekto sa balat na nakalitaw o kaya sa damit batay sa direksyon ng produktong gagamitin.

Mga Hakbang:

1. Magplano ng paglalakad sa inyong likod bahay o sa gubat. Magsuot ng angkop na damit at magwisik ng pangtaboy insekto ng katamtaman upang lumayo ang mga insekto at/o di kaya ay pangtabing-araw. Bilinan ang amga anak na huwag lalayo mula sa inyo upang sila ay hindi mawala.
2. Tumingin sa paligid at ipaliwanag ang inyong mga nakikita. Habang ang inyong anak ay tumitingin sa mga bagay bagay, hayaang sabihin niya sa inyo ang kulay, hugis, sukat, yari at amoy nito. Kung kinakailangan, gumamit ng lenteng tagapagpalaki upang makita ito ng malapitan.
3. Magmasid pa ng ibang bagay at maghambing. Halimbawa : Ang batong ito ay may kinang, subalit ang isang ito ay wala. Ang dahong ito ay makintab, ang isa namang ito ay hindi. Ang harapan ng dahon na ito ay makinis at makintab, samantalang ang likod naman nito ay mabukol at maalon alon na may mga guhit at hindi makintab.
4. Pagmasdan din ang mga pagbabago at pagkakaiba sa iisang bagay. Halimbawa : Tignan mo itong dalawang bunga ng niyog. Ang isa ay berde at mabigat, ang isa naman ay kayumanggi at magaan. Makinig – may kumakalog sa loob nito. Heto pa ang isang bunga sa lupa ngunit ito ay nakabaon at may halamang lumalabas mula rito.
5. Tuklasin ang galaw ng mga bagay na nabubuhay. Halimbawa : Masdan kung paano gumagapang ang higad sa mga dahon. Tignan ang mga bahay-higad, kung paano sila maglambitin at umindayog sa pag-ihip ng hangin, ngunit hindi sila nahuhulog. Masdan ang mga itim na paru-paro – ano iyong mahabang bagay sa kanilang ulo na siyang humahawak sa gitna ng mga bulaklak.
6. Maaaring kolektahin ang ilang mga bagay tulad ng iba't ibang dahon o kulisap, na maaaring ilagay sa botelyang plastik na may butas, upang ang mga ito ay makahinga. Paalala : Isauli ang mga kulisap sa kanilang natural na tahanan matapos ang pag-aaral sa kanila.

"Ang inyong anak ay a) tutuklas ng pisikal na katangian ng mundo at b) ng mga pisikal na karakteristiko ng mga nabubuhay na bagay."

Guam Early Learning Guidelines for Young Children Ages Three to Five. (2005).

Mahal ko ang aking Bahay at Pamilya

3 hanggang 5 taon

Pag-unlad ng Kamalayan



Materyales:

Papel

Mga krayola

Mga pananda

Mga Hakbang:

1. Anyayahan ang inyong anak na gumuhit ng larawan ng inyong kalsada, kasama ang inyong bahay. Idagdag ang mga bahay ng kapitbahay, mga tindahan, at iba pang mga gusaling palatandaan sa inyong lugar. Meron bang tindahan, Kawanihan ng Koreo, Himpilan ng Bumbero o Silid-aklatan?
Maari niyong isulat ang ngalan ng ganitong mga gusali.
2. Sunod ay sabihan naman ang inyong anak na gumuhit ng larawan ng inyong pamilya. Tulungan siyang isulat ang mga pangalan ng bawat miyembro ng pamilya. Tanungin siya kung ano ang gawain ng bawat isa at isulat kung ano ang kanyang tinuran.
3. Tanungin siya kung ano ang kanyang mga paboritong pagkain, laruan, at gawain. Maaari itong idagdag sa larawan.



Karagdagang Ideya: Mag-ipon at maglinis ng mga walang laman na kahon ng gatas, mga karton, at iba pang mga lalagyan na maaring gamitin upang simbolo ng inyong kalsada, imbes na iguhit. Maaring gumamit ng laruang masa o luwad upang likhain ang mga miyembro ng pamilya.

"a) Matutunan ng inyong anak ang ukol sa kanyang sarili at kapwa; b) malaman at tanggapin ang kanyang kultura, gayundin ang sa iba; at k) magkaroon ng kamalayan kung saan sila nakatira at ang tamang kinaroroonan ng mga bagay o tiyak na lugar."

Guam Early Learning Guidelines for Young Children Ages Three to Five. (2005).



Magkakatatunog na mga Bugtong

3 hanggang 5 taon

Pag-unlad ng Pakikipag-usap at Pananalita

Materyales:

Mga bagay o larawang magsingtunog
Isang aklat na ukol sa pagtutugma
Mga CD o DVD tungkol sa mga rima/tugma

Mga Hakbang:

1. Kung hindi pamilyar ang inyong anak sa pagtutugma, sabihin na ito ay tungkol sa mga salitang pareho ang tunog. Tumula ng mga pambatang rima at sabihin kung alin ang magsingtunog.
2. Halimbawa: "Isa, dalawa, i-buckle ang sapatos ko; Tatlo, apat, kumatok sa pinto; Lima anim, pulutin ng patpat; Pito, walo, ilapag ng matuwid; Siyam, sampu, isang malaki at matabang manok."
3. Gumamit ng mga bagay o larawan na makakatulong sa pagsasanay ng bata na magtugma: "kahon-dahon," "dami-kami," "gamit-damit," "sako-pako," "hatak-balak." Magbasa ng aklat ukol sa rima o di kaya ay magpatugtog ng CD o DVD upang makatulong na matandaan o makapagsanay ng pagtutugma.
4. Gumawa ng larong "Bugtungan ng magkakasing tunog." Ang larong ito ay isang palaisipan o suliranin ukol sa salita, na kailangan nilang mabigyang kasagutan.
 - a. Ang iniisip ko ay isang bahagi ng iyong katawan na singtunog ng pulo. (ulo)
 - b. Anong kasangkapan sa bahay ang singtunog ng -mama? (kama)
 - c. Meron sa kalan na singtunog ng matupok. (palayok)
 - d. Kapag ikaw ay nauuhaw, humihingi ka ng bagay na singtunog ng bibig. (tubig)
5. Magpatuloy gamit ang ilan pang mga halimbawa ng magkatugmang mga bugtong.

"a) Magkakaroon ang inyong anak ng kakayahang matuto ng mga bagay bagay bago pa siya matutong magbasa – sa pakikinig at pagiiba ng mga bagay na pareho ang tunog..."

Guam Early Learning Guidelines for Young Children Ages Three to Five. (2005).

Isampay at Ilahad ang Kwentong Nakasabit

3 hanggang 5 taon

Pag-unlad ng Pakikipag-usap at Pananalita

Materyales:

Mga librong simple ang kwento tulad ng : The Three Little Pigs at The Three Bears

Mga walang sulat na papel

Mga pananda

Mga papel na malinaw o d kaya ay mga "sheet protector"


Mga pangipit sa damit

Sampayan

Mga malalaking sisidlan na may siper na plastic upang pagtaguan ng bawat set ng mga kwentong nakalarawan

Isang malaking papel na bituin

Ang mga katagang "Wakas" at ang mga pamagat ng kwento na natatakpan ng malinaw na papel o nasa isang "sheet protector"



Paghahanda: Para sa bawat kwento, gumuhit ng limang larawan na nagpapakita ng limang pangunahing pangyayari o karakter. Pangalagaan ang bawat larawan gamit ang malinaw na papel o "sheet protector." Buuin ang sampayan sa isang maluwag na lugar at ikabit ang bituin sa kaliwang bahagi nito. (Maaring magkabit ng pansamantalang sampayan sa pagitan ng dalawang upuan.)

Mga Hakbang:

1. Simulan ang kwento sa pamamagitan ng pag-ipit ng pamagat nito (Halimbawa : Ang Tatlong Baboy) sa tabi ng bituin sa kaliwang dulo ng sampayan. Habang inilalahad mo ang bawat bahagi ng kwento, isabit naman ang larawang tumutugma sa pangyayari o karakter. Tapusin ang paglalahad sa mga katagang "Wakas".
2. Ilahad muli ang kwento, ngunit ngayon ay hayaan naman na ang inyong anak ang siyang magtaas ng mga larawang tugma sa bawat pangyayari o karakter. Ulit-ulitin ang ganito habang interesado pa ang bata.
3. Kapag handa na ang inyong anak, ibigay lahat ang kartong may larawan/kwento sa kanya. Hayaan niyong subukin na siya ang magkwento at magsabit ng mga karton. Paalala : Kung nahihirapan siyang magsabit, maaring kayo ang gumawa nito para sa kanya. Ang mahalaga ay ang magawa ninyo na maikwento muli ang istorya kasabay ang pagsasaayos ng mga tugmang laruan.

"Ang inyong anak ay a) gagamit ng wika sa maraming paraan; b) makikinig at mauunawaan ang ibat ibang paraan ng pagsasalita at pakikipagtalastasan ng mga tao; k) unti-unting magdadagdag sa kanyang bokubularyoat mga pangungusap na nasa tamang istraktura; d) maaaliw at mauunawaan ang mga libro; e) magpapakita ng interes sa pagbaba; at g) mauunawaan na may kahulugan ang mga larawan."

Guam Early Learning Guidelines for Young Children Ages Three to Five. (2005).

Magbilang, Kumanta at Umalog - *Sampung mga Daliri*

3 hanggang 5 taon

Pag-unlad ng Kamalayan at Pagkamalikhain

Paghahanda: Isulat o ilathala ang mga salitang mula sa bokabularyong Tagalog at ang mga titik ng awitin sa ibaba (sa Tagalog at Ingles o) sa isang pirasong papel upang makasunod ang bata. Gamitin ang himig sa awiting “Sampung Maliliit na Indians”

Mga Hakbang:

1. Ituro ang katumbas na salita sa Tagalog para sa : daliri, marami, lahat, alugin at ang mga numerong 1 hanggang 10.

Isa = 1

Dalawa = 2

Tatlo = 3

Apat = 4

Lima = 5

Anim = 6

Pito = 7

Walo = 8

Siyam = 9

Sampung = 10

Daliri = fingers

Marami = many

lahat = all

umalog-alugin = shake

2. Kasunod, kantahin ang bawat parte ng awitin habang itinataas ang mga daliri katugma ng numero o i pakita ang marami at alugin. Anyayahan ang inyong anak na manuod, makinig, at sumunod. Ulitin ang kumpas habang kinakanta and awitin.

Tagalog

Isa, dalawa, tatlo na daliri

Apat, lima, anim na daliri

Pito, walo, siyam na daliri

Sampung mga daliri at marami pa

Alugin, alugin ang lahat ng daliri

Sampung mga daliri at marami pa

English

1, 2, 3 fingers

4, 5, 6 fingers

7, 8, 9 fingers

10 fingers, many

Shake, shake, all your fingers (3x)

10 fingers, many

Karagdagang Ideya: Isulat o ilathala ang bawa't bilang sa karton. Magimibita ng siyam na miyembro ng pamilya o kaibigan at magtig-isang numero ang bawa't isa, at itaas ang kanilang bilang kapag ito ay kinakanta na. Maari rin silang sumabay sa pag-awit, kabilang ang inyong anak at alugin ang kanilang katawan kapag sila'y sinabihang “umalog”. (Mga bagong salita : family = pamilya; friend = kaibigan)

"a) Matutunan ng inyong anak ang mga batayan ng musika; b) lumikha at ipahayag ang sarili sa pamamagitan ng iba ibang karanasan sa musika; at k) malaman at tanggapin ang kanyang kultura, gayundin ang sa iba."

Guam Early Learning Guidelines for Young Children Ages Three to Five. (2005).

Umarte at Umawit - *Na saan si _____, Nandito Ako*

3 hanggang 5 taon

Pag-unlad ng Kamalayan at Pagkamalikhain

Paghahanda: Isulat o ilathala ang mga letra ng kanta sa ibaba (sa Tagalog at Ingles) sa isang pirasong papel upang makasunod ang bata. Gamitin ang himig sa awiting "Where is Thumbkin"

Mga Hakbang:

1. Ituro ang kanta sa Ingles. Hilingin sa inyong anak na kantahin niya muna ang awitin, pagkatapos ay sabayan naman ito ng pag-arte. Utusan siyang magtago kapag inawit na ang linyang, "Where is _____ (pangalan ng inyong anak). Palabasin siya mula sa kanyang pinagtataguan at kantahin naman ang, "Here I am, here I am."

English

Where is _____ (child's name)

Where is _____ (child's name)

Here I am, here I am

How are you today? (2x)

I am fine. (2x)

Ipagpatuloy ang pag-awit, "How are you today?" Hayaang sumagot ang bata, "I am fine." Ulitin ang kanta at magpalitan ng mga pagganap ng mga gawain.

2. Ituro ang kanta sa Tagalog. Hilingin sa inyong anak na kantahin niya muna ang awitin, pagkatapos ay sabayan naman ito ng pag-arte. Utusan siyang magtago kapag inawit na ang linyang, "Na saan si _____ (pangalan ng inyong anak). Palabasin siya mula sa kanyang pinagtataguan at kantahin naman ang, "Nandito ako, nandito ako."

Tagalog

Na saan si _____ (pangalan ng inyong anak)

Na saan si _____ (pangalan ng inyong anak)

Nandito ako, nandito ako

Kumusta ka ngayon? (2 beses)

Mabuti po naman. (2 beses)

Ipagpatuloy ang pag-awit, "Kumusta ka?" Hayaang sumagot ang bata, "Mabuti po naman."

Ulitin ang kanta at magpalitan ng mga pagganap ng mga gawain.

"a) Matutunan ng inyong anak ang mga batayan ng paggalaw; b) magkaroon ng pagpapahalaga sa sining ng pagganap at napapanood; at k) malaman at tanggapin ang kanyang kultura, gayundin ang sa iba."

Guam Early Learning Guidelines for Young Children Ages Three to Five. (2005).

REFERENCES/RESOURCES

- American Academy of Pediatrics, American Public Health Association, National Resource Center for Health and Safety in Child Care. (2002). Caring for our children. National health and safety performance standards: Guidelines for out-of-home child care programs. IL: American Academy of Pediatrics.
- American Academy of Pediatrics. "Summer Safety Dagdag Kaalamangs - Part I." Retrieved January 25, 2010, from <http://www.aap.org/advocacy/releases/summertips.cfm>
- Center on the Social and Emotional Foundations of Early Learning (CSEFEL). Website: <http://www.vanderbilt.edu/csefel>
- Copley, J. Jones, C., & Dighe, J. (2007). Mathematics: The creative curriculum® approach. Washington, DC: Teaching Strategies, Inc.
- Dodson, R. & Mades, J. (2004). The diaper bag book for babies. Westminister, CA: Teacher Created Materials, Inc.
- Flores, S. & Bordallo Aguon, K. (2009). The official chamorro-english dictionary; ufisiât na diksionârión chamorro engles. Guam: Department of Chamorro Affairs; Depåttamenton I Kahao Guinahan Chamorro, Division of Research, Publication and Training.
- Guam early learning guidelines for young children ages birth to 36 months. (2007). Guam: Department of Public Health and Social Services, Division of Public Welfare, Child Care and Development Fund Program.
- Guam early learning guidelines for young children ages three to five. (2005). Guam: Department of Public Health and Social Services, Division of Public Welfare, Child Care and Development Fund Program.
- Heroman, C. & Jones, C. (2004). Literacy: The creative curriculum® approach. Washington, DC: Teaching Strategies, Inc.
- Herr, J. & Swim, T. (2003). Rattle time, face to face and many other activities for infants. New York: Thomson, Delmar Learning.
- Herr, J. & Swim, T. (2003). Making sounds, making music, and many other activities for infants. New York: Thomson, Delmar Learning.
- Herr, J. & Swim, T. (2003). Sorting shapes, show me and many other activities for toddlers. New York: Thomson, Delmar Learning.
- Herr, J. & Swim, T. (2003). Rhyming books, marble painting, and many other activities for toddlers. New York: Thomson, Delmar Learning.
- Murphy, A. P. (2008). The secret of play. New York: DK Publishing.
- Silberg, J. (1999). 125 Brain games for babies. Beltsville, MD: Gryphon House, Inc.
- Silberg, J. (2000). 125 Brain games for toddlers and twos. Beltsville, MD: Gryphon House, Inc.
- Sparling, J. & Lewis, I. (2008). The creative curriculum® learning games. Washington, DC: Teaching Strategies, Inc.

Hugando



**Basehang Aklat ng mga Magulang ng mga Larong
Pangkaranasan para sa mga Sanggol Hanggang 5 Taong Gulang**

KARAGDAGAN NA PATNUBAY PARA SA MAAGANG KAALAMAN NG GUAM
November 2011

Translated by:
Erlinda Caasi

Edited by:
Julie Celeste & Estela Gapas

Ginawa sa pakikiisa ng Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan at Serbisyong Panlipunan, Sangay ng Pampublikong Kagalingan, Gugulin sa Pangangalaga at Pagsulong ng Kabataan, at ng Pamantasan ng Guam Sentro para sa Kagalingan ng mga Kawalang-Lakas Edukasyon, Pananaliksik at Serbisyo (Guam CEDDERS).

